Pag-iwas sa mga Bouncing Cheque

Ang mga nagbibigay ng bouncing cheque ay nagnanakaw ng milyun-milyong mga dolyar mula sa mga maliit na negosyo bawat taon. At ang masamâ pa rito, tinutulungan sila ng maliit na negosyo dahil:

- ito'y masyadong nagtitiwala;
- ito'y masyadong nahihiya na magpilit na makakuha ng angkop na ID; o kaya
- hindi nito nabigyan ng angkop na training ang mga tauhan:

Mahirap lagi (at karaniwang imposible) ang makuha ang pera na nawala sa ganitong paraan. Ang pag-iwas ay ang mas mabisâ kaysa sa makuha ito muli.

Ang mga risk ay mababawasan nang husto sa pamamagitan ng:

- pagpapahintulot sa iilang mga itinakdang empleyado lamang na mag-cash sa tseke, at dapat inisyalan ng mga empleyadong ito ang mga tseke;
- pagtatag ng maximum na limit sa mga tseke na maaaring tanggapin ng mga awtorisadong empleyado.

Matutong makilala ang mga katangian ng mga taong sadyang nagpapasa ng mga walang kwentang tseke. Eto ang ilan sa mga danger signal:

- isang taong hindi kilala na ayaw pumayag na magpakita ng ID, pero nagsasabing kaibigan daw niya ang mga binanggit na mga pangalan ng kilaláng tao sa bangko;
- isang kliyente na nais sumulat sa isang tseke para sa halaga na higit pa sa halaga ng binibili at nais makuha nang cash ang natitira;
- isang tseke na inisyu ng isang 'di-kilaláng kompanya, lalo na kung hindi ito angkop na naka-print sa safety paper;
- isang tseke mula sa ibang tao... doble ang pagkakataon ng pandaraya;
- isang post-dated na tseke o isang tseke na binago sa anumang paraan;
- isang kliyente na nagpapakita ng isang tseke na nakapangalan sa isang kompanya na sinasabi niyang kanya, at samakatwid ay mayroon siyang awtoridad na pumirma;
- isang tseke na iniabot ng isang bata... ang mga bata ay walang legal na responsibilidad;
- isang tseke na iniabot ng isang taong hindi kilalá, sa isang Sabado't Linggo o piyesta opisyal, kapag hindi maaaring makapagpatunay sa isang bangko;
- nagiging mas delikado ang isang tseke mula sa ibang lugar at bumababa ang pagkakataong makuha ito muli.

Ang Canada-Ontario Business Service Centre (COBSC/CSECO) ay nagbibigay ng impormasyon ukol sa pagnenegosyo sa Ingles at Pranses, ang mga opisyal na wika sa Canada. Ang mga kopya ng ilan sa aming mga pinaka-makakatulong na dokumento ay isinalin sa ibang mga wika. Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon sa pagnenegosyo, mangyaring tumawag sa 1-888-576-4444 upang makausap ang isang COBSC/CSECO Information Officer.